Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-WALONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-28 NG PEBRERO, 1996 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1.	Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Pang. Punong-bayan Namuno
2.	Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
3.	Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO	- Kagawad
4.	Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE	- Kagawad
5.	Kgg. RUFINO P. TAPANGCO	- Kagawad
6.	Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr.	- Kagawad
7.	Kgg. LUISITO B. ALGABRE	- Kagawad
8.	Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR	- Kagawad
9.	Kgg. URBANO J. DIA	- Kagawad
10.	Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan
11.	Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

****

KAPASIYAHAN BLG. 39-'96
(Sa mungkahi ni Kag. Almodovar na pinangalawahan ni Kag. Tiongco)

ANG KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA SANGGUNIANG PANLALAWIGAN SA PAMAMAGITAN NI PUNONG-LALAWIGAN JOSE B. LINA NA MAPALUWANGAN AT MAIPAAYOS ANG DAANG TATLONGHARI SA BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA.

SAPAGKA'T, sa kasalukuyan ang Daang Tatlonghari, klasisipikadong daang panlalawigan, ay siyang ginagamit na daan patungo sa Barangay ng Sinalhan at ng may mahigit na sampung (10) subdibisyon o pamahayan;

SAPAGKA'T, sa kasalukuyan din ang Daang Tatlonghari ay nagiging lugal panganib o daang pinanangyayarihan ng diiilang aksidente dahilan sa di lamang ito makipot kungdi lubak-lubak pa rin at nangangailangang maipaayos at mapaluwangan na rin;

SAPAGKA'T, sa dahilang ang daan ay klasipikadong Daang Panlalawigan ay minarapat ng kapulungang ito na idulot sa Sangguniang Panlalawigan ang pagawain;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang paghiling sa Sangguniang Panlalawigan sa pamamagitan ni Punong-lalawigan Jose B. Lina na mapaluwangan at maipaayos ang Daang Tatlonghari sa bayan ng Santa Rosa, Laguna.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-8 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-28 ng Pebrero, 1996.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim